

PANAHONG WALA SA TRABAHO UPANG BUMOTO

**ANG MGA LUGAR NG BOTOHAN AY BUKAS
MULA IKA-7 NG UMAGA HANGGANG IKA-8
NG GABI SA ARAW NG HALALAN**

Kung ikaw ay nakatakdang manatili sa trabaho sa panahong iyon at wala kang sapat na panahon sa labas ng mga oras ng trabaho upang bumoto sa isang pambuong-estadong halalan, ang batas ng California ay nagpapahintulot sa iyo na kumuha ng hanggang dalawang oras na wala sa trabaho upang bumoto, nang hindi mawawalan ng bayad.

Maaari kang kumuha ng kahit ilang oras na kailangan mo upang bumoto, pero dalawang oras lamang ang babayaran.

Ang iyong panahong wala sa trabaho para sa pagboto ay maaari lamang gawin sa simula o katapusan ng iyong regular na turno sa pagtatrabaho, alinman ang nagpapahintulot sa iyo ng pinakalibreng panahon para sa pagboto at pinakakaunting panahon na wala sa iyong regular na turno sa pagtatrabaho, maliban kung gumawa ka ng ibang pakikipag-ayos sa iyong pinagtatrabahuhan.

Kung tatlong araw ng trabaho bago ang halalan sa palagay mo ay kailangan mo ng panahong wala sa trabaho upang bumoto, dapat mong bigyan ng paunawa ang iyong pinagtatrabahuhan nang hindi kukulangin sa dalawang araw bago ang halalan.



PAUNAWA SA MGA PINAGTATRABAHUHAN TUNGKOL SA PANAHONG WALA SA TRABAHO ANG EMPLEYADO PARA SA PAGBOTO

Ang batas ng Estado (Seksiyon 14001 ng Kodigo sa mga Halalan ng California) ay nag-aatas sa mga pinagtatrabahuhan na magpaskil ng paunawa sa kanilang mga empleyado na nagsasabi sa kanila ng mga tadhana para sa pagkuha ng may-bayad na hindi pagtatrabaho para sa layunin ng pagboto sa mga pambuong-estadong halalan.

Ang isang halimbawa ng paunawang ito ay nakalimbag sa likod ng pahinang ito para sa inyong kaginhawahan.

Ang paunawang ito ay dapat ipaskil nang madaling makita sa lugar ng trabaho, kung magagawa, o sa ibang lugar kung saan ito ay makikita habang pumapasok at lumalabas ang mga empleyado sa kanilang lugar ng trabaho, hindi kukulangin sa 10 araw bago ang bawat pambuong-estadong halalan.

Kung may mga katanungan ka tungkol sa paunawang ito o sa ibang impormasyon na may kaugnayan sa halalan, mangyaring tawagan ang Nakahandang Linya ng Kalihim ng Estado para sa Botante sa (800) 339-2957.

Ang mga empleyado ay karapat-dapat lamang sa may-bayad na panahong wala sa trabaho para sa layuning bumoto kung sila ay walang sapat na oras sa labas ng mga oras ng pagtatrabaho upang bumoto. Ang layon ng batas ay bigyan ng pagkakataong makaboto ang mga manggagawang hindi makakagawa nito dahil sa kanilang mga trabaho.

Ang mga lugar ng botohan ay bukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi sa Araw ng Halalan.

Ang mga empleyado ay maaaring bigyan ng panahong kailangan nila upang makaboto, pero hanggang dalawang oras lamang ang babayaran.

Ang mga pinagtatrabahuhan ay maaaring mag-atas sa mga empleyado na magbigay na nauunang paunawa na kakailanganin nila ng karagdagang panahong wala sa trabaho para sa pagboto.

Ang mga pinagtatrabahuhan ay maaaring mag-atas na ang panahong wala sa trabaho ay kunin lamang sa simula o katapusan ng turno sa trabaho ng empleyado.